

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Abangan ang Bagong Taon sa downtown Brampton kasama ang Sam Roberts Band

BRAMPTON, ON (Disyembre 14, 2021) – Ang countdown para sa 2022 ay nagsimula na at walang mas magandang lugar para magdiwang kaysa sa downtown Brampton! Abangan ang bagong taon sa pag-skate sa Gage Park, isang live na pagtatanghal mula sa pangunahin at Juno Award-winning na Canadian rock band, ang Sam Roberts Band, at isang nakaka-alih na pagtatanghal ng mga paputok na hadog ng Kalsi Law.

Live In-Person na Pagtatanghal

Garden Square

Biyernes, Disyembre 31 | 9 pm

Abangan ang bagong taon ng gabing puno ng live in-person na pagtatanghal.

- 9:05 pm – Ameerah
- 9:50 pm – Espesyal na bisita, Aysanabee
- 10:40 pm – Sam Roberts Band
- 11:55 pm – Mayor Brown at Mga Miyembro ng Konseho
- 12 am – Mga Paputok

Pakitandaan na ang mga oras ay maaaring magbago.

Ang Sam Roberts Band ay isang Juno Award-winning na Canadian rock band na gumagawa ng mga hit na musika mula pa noong 2002. Ang debut album ng banda na *Inhuman Condition* ay naging pinakamabentang independiyenteng EP sa kasaysayan ng Canada, at ang banda ay patuloy na nagpapalabas ng mga hit mula noon. Inilabas ng banda ang kanilang ikapitong studio album, ang *All Of Us*, noong Oktubre 2021. Ang lead single mula sa album na *Ascension* ay umabot sa #7 sa rock radio at ang album ay tumagal ng tatlong linggo sa numero uno sa CBC Radio.

Para sa mga detalye ng kaganapan at impormasyon sa mga pagsasara ng kalsada, paradahan at pagpapalano ng iyong biyahe sa Brampton Transit, bumisita sa brampton.ca/newyarseve

Salamat sa mapagbigay na sponsor ng kaganapan ng Lungsod, ang Tim Hortons.

Outdoor Skating

Gage Park

Ang Gage Park ay kumikinang sa libu-libong mga ilaw sa kapaskuhan. Dalhin ang iyong mga skate at mag-glide sa Gage Park skating recreational trail, kung maganda ang panahon.

Suportahan Ang Lokal

Pumunta nang maaga sa downtown at mag-enjoy sa isang night out na may kasamang hapunan sa isa

sa mga nakamamanghang restawran ng Brampton kasama ang tatlong opisyal na kapartner ng pagkain para sa kaganapan:

- [The WORKS Craft Burgers & Beer](#): 8 Queen St E
- [Pizzanini](#): 18 Main St S
- [RaPizza](#): 6 George St S Unit 2

I-download ang bagong lunsad na [Food Guide Pass](#) para sa access sa mga eksklusibong deal at mga diskwento rin mula sa isang seleksyon ng mga restawran mula sa Brampton Food Guide.

Levee ng Bagong Taon ng Mayor

Harapang Hagdanan ng City Hall

Sabado, Enero 1, 2022 | 12 – 2 pm

Simulan ang 2022 kasama si Mayor Patrick Brown at ang mga Miyembro ng Konseho sa harapang hagdanan ng City Hall upang makipagpalitan ng pagbati para sa susunod na taon. Ang isang pag-skate ng komunidad ay gaganapin sa Gage Park mula 2-4 pm kasunod ng meet and greet.

Para sa karagdagang impormasyon sa Levee ng Bagong Taon ng Mayor, bisitahin ang kalendaryo ng mga kaganapan ng Lungsod sa brampton.ca/events

Mga Quote

“Minamarkahan ng Bagong Taon ang oras upang magtipon, magdiwang, magmuni-muni sa nakaraang taon at umasa sa mga pagkakataong darating. Sa pagbabalik ng mga personal na kaganapan, inaasahan namin ang pagsisimula ng 2022 kasama ang live na pagtatanghal mula sa Sam Roberts Band at mga paputok sa downtown Brampton. Inaanyayahan ko rin ang mga residente na samahan ako at ang mga Konsehal sa Araw ng Bagong Taon, sa aming personal na Levee ng Bagong Taon para sa isang meet and greet at pag-skate ng komunidad. Ang taunang tradisyon na ito ay ang perpektong paraan upang simulan ang Bagong Taon!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang taunang pagdiriwang ng Bisperas ng Bagong Taon ay ang perpektong paraan upang tapusin ang taon at salubungin ang 2022. Mangyaring magdiwang nang ligtas at patuloy na sundin ang lahat ng mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan ngayong kapaskuhan. Sa Araw ng Bagong Taon, salubungin natin ang lahat ng pag-asa at kagalakan na dulot ng 2022 sa Levee ng Bagong Taon. Magkita tayo doon!”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Ward 9 at 10; Tagapangulo, Mga Serbisyong Pangkorporasyon, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa buong pangkat ng Lungsod ng Brampton at sa komunidad ng Brampton para sa inyong pagpupursige sa isa nanamang mapanghamong taon. Lahat kayo ay gumanap ng importanteng papel sa laban kontra sa COVID-19. Sama-sama tayong magdiwang nang ligtas sa taunang pagdiriwang ng Bisperas ng Bagong Taon sa downtown Brampton, kasama ang isang kapana-panabik na lineup. Sa ngalan ng Lungsod, binabati ko kayo ng isang napaka-Maligayang Bagong Taon!”

- *David Barrick, Punong Administratibong Opisyal Lungsod ng Brampton*

Ang **The Rose Brampton** ay isang nangungunang performing arts venue, at isang iconic feature ng downtown core. Isang mahalagang parte ng lungsod, ito ay destinasyon ng mga kilala sa mundo na mga performer, nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga manonood mula sa Brampton at lampas pa na maranasan ang malawak na hanay ng mga talento sa hindi ordinaryong lugar. Dakila sa arkitektura at kagandahan, ang The Rose ay ang lugar kung saan nagkakabuhay ang Brampton. Alamin ang mas marami pa sa therosebrampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca